
## E. Mga Hakbang sa Pagsisimula ng Online na Negosyo



*Halimbawa: Facebook at Instagram*

### 1 Gumawa ng Website o Social Media Account

Kumuha o magsubscribe ng isang domain account at gumawa o magpagawa ng website. Maari ding pumili ng social media platforms na nais gamitin. Isipin kung alin sa mga ito ang higit na ginagamit ng potensyal na mamimili.



### 2 Tukuyin ang Produkto at Serbisyong Maaaring Ialok

Bilang parte ng branding, mahalagang maglagay ng larawan ng mga produkto at serbisyong gustong ibenta. Kasama na rito ang deskripsiyon at presyo sa bawat item.



*Halimbawa: 7- Eleven at GCash*

### 3 Alamin ang Ibat-ibang Payment Options

Ikonsidera ang cashless transactions sa pamamagitan ng mga application at bank transfer. Maari din namang COD o Cash-on-Delivery, Pick-Up, at iba pang paraan kung paano magbabayad ang iyong mag kustomer.Siguraduhing tama ang mga detalyeng ilalagay katulad ng bank account o reference number upang maiwasan ang anumang problema.



### 4 Tukuyin ang Courier o ang Delivery Options

Maaaring kunin ang serbisyo ng ibang kumpanya upang magdeliver ng produkto sa mga mamimili. Sa paglago ng iyong negosyo, mahalagang ikonsidera ang pagkakaroon ng sariling delivery service.



### 5 Maglagay ng Online Reviews

Mahalaga ang pagkuha ng feedback dahil ito ang kadalasang ginagawang basehan ng ibang mamimiling nais umorder online.

dti PHILIPPINES

TRABAHO NEGOSYO KABUHAYAN

Para sa karagdagang impormasyon, magtungo o kontakin ang pinakamalapit na Negosyo Center o DTI Provincial Offices sa inyong lugar. Puntahan ang aming website para sa directory:

*dti.gov.ph/nc-directory at dti.gov.ph/contact*

DTI Direct: 1-DTI (384) ; 0917.834.3330

DTI.Philippines

@DTIPhilippines

@DTI.Philippines

DTIPhilippines

dti.gov.ph


Prepared by:

**DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY-BUREAU OF SMALL AND MEDIUM ENTERPRISE DEVELOPMENT (DTI-BSMED)**

2F Trade and Industry Bldg., 361 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City



# Start an Online Business






# STARTING AN ONLINE BUSINESS

## A. ANO BA ANG ONLINE BUSINESS?




Ang *online business* na kadalasang tinatawag na *e-business* at mas kilala bilang *e-Commerce* ay isa sa mga alternatibong paraan na magpapadali ng pagnenegosyo. Ito ay isang commercial transaction na isinasagawa sa pamamagitan ng paggamit ng internet at electronic gadgets katulad ng computer at mobile phones.

## B. ANO-ANO ANG MGA KABUTIHAN KUNG ONLINE ANG NEGOSYO?

Narito ang ilan sa mga oportunidad na dala ng e-Commerce:

**Para sa nagbebenta**

- Mas mababang kapital kumpara sa pisikal na tindahan
- Mas mababang gastos sa inventory management at iba pang gastos sa pagpapatakbo ng negosyo
- Mas mataas na kita dahil bukas ang negosyo sa anumang araw at oras
- Mas malawak na merkado
- Maaaring maging parte ng brand awareness at mga advertising
- Maaaring magbenta saan mang lugar
- Puwedeng mag operate kahit sa panahon ng kalamidad o epidemya

**Para sa mamimili**

- Nagbibigay ng maginhawang pamamaraan ng pagbili ng mga pangangailangan
- Mabilis mahanap ang produkto o serbisyong nais
- Makakatipid sa travel costs at oras

## C. MGA HALIMBAWA NG ONLINE BUSINESS

### ONLINE SHOPPING



Halimbawa: Lazada, Shoppe

Sikat ang mga online department store sa merkado para sa mga nagnanais na magbenta ng kanilang sariling produkto mula sa damit, gamit sa bahay, abubot, at iba pa. May mga e-commerce websites din na sumesentro sa pagbebenta ng kasuotang damit at sapatos.

### TRAVEL



Halimbawa: Agoda, Air Asia

Kung nais naman maglibot sa labas o loob ng Pilipinas, maaari na ring magbook online at itawag ang concerns o katanungan sa contact details na nasa website. May ilan ding tour operators na nagpapaskil ng kanilang promo at itinerary sa iba't ibang social media platforms gaya ng Facebook at Instagram.

### PAGKAIN



Halimbawa: Grab Food, Food Panda

Hindi lamang fast food restaurants ang nag-aalok ng paghahatid ng kanilang produktong pagkain sa mga konsyumer. Patok ang mga mobile applications na naglalayong gawing maginhawa at mabilis ang pagbili ng pagkain lalo na para sa mga taong walang panahong magluto o di kaya ay kumain sa labas.

### TRANSPORTASYON



Halimbawa: Grab, Angkas

Upang mas maging maginhawa ang transportasyon, may mga mobile applications na inilunsad na naglalayong tulungan ang mga tao na madaliang makakuha ng kanilang masasakyan kahit saan pa man sila naroroon papunta sa kanilang destinasyon.

### TRABAHO



Halimbawa: Jobstreet, Linked In

Ang paghahanap ng trabaho ay napadali din sa mga inilunsad na online at mobile applications na naglalayong mas gawing accessible sa mga aplikante ang iba't-ibang bakanteng trabaho na angkop sa kanilang karanasan at husay.

### PERA



Halimbawa: PayMaya, GCash BDO, BPI

Bukod sa mas pinadaling paghahanap ng produkto at serbisyo, madali na ring mag bayad at maglipat ng pera. Ang mga bangko sa Pilipinas ay may online at mobile applications upang mas madaling gamitin ang kanilang mga serbisyo kahit saan man, sa kahit anong oras.

## D. MGA IBAT-IBANG URI NG ONLINE BUSINESS MODELS

**B2B o "Business-to- Business"**

Tumutukoy ito sa mga online transactions at pagbebentahan sa pagitan ng mga negosyo. Ilang halimbawa nito ay ang *Easybuilderpro.ph* at *Globallinker.com*.

**B2C o "Business-to-Consumer"**

Tumutukoy sa proseso ng pagbebenta ng mga produkto at serbisyo nang direkta sa mga mamimili. Halimbawa nito ay ang *PAL* at ang *Metrodeal.com*.

**C2C o "Consumer-to-Consumer"**

Ay isang modelo ng negosyo kung saan ang mga mamimili ay maaaring makipag-trade sa bawat isa, karaniwan sa isang online na kapaligiran. Ilang halimbawa ng C2C sa merkado ay ang online auction, *Facebook Marketplace*, at mga advertisement.